# 1

*Obtuse*. One of the most exclusive BDSM clubs in the world. Ang mga dumadayo sa naturang lugar ay sinasabing mga kilalang tao sa lipunan. And the club kept all their personal information private. Sa higpit ng seguridad ay walang makapuslit na paparazzi. Kaya kampante ang mga parokyano ng club.

Today, Atarah would bravely enter the doors of *Obtuse*. She wouldn't be Atarah Ada if she was a coward. But she wasn't into BDSM. Naroroon lamang siya para sa isang dahilan at iyon ay ang maangkin si Zen Montaner. Hindi niya alam kung ano ang ginagawa nito sa lugar na iyon basta sinabi ng mga binayaran niyang tao na nagtutungong *Obtuse* ang lalaki.

Zen was one of the hottest bachelors in the world, and the man was 'deliciously' single. Alam niyang siya na ang babaeng hinihintay nito. Ang kailangan lang ay magkakilala sila.

Who would dare turn down Atarah Ada? Anak siya ng senador. Her mother was one of the prettiest faces in showbiz industry, and had received notable awards for acting. Their family was always the center of public attention. They were always interviewed

and photographed. Ganoon na ang mundong kinamulatan niya.

Nag-iisang anak lang siya at ibinibigay ang lahat ng kanyang magustuhan. She was spoiled rotten by her parents. The pampered princess. The brat who would most likely bloom into the meanest b*tch. And what she wants, she gets. Ngayon ay si Zen Montaner ang gusto niya.

She only saw him in a business magazine centerfold. His face was expressionless, his eyeglasses gave his face an unfriendly look, his lips curling inwards. Nagkagusto siya rito kaagad. She vowed to get him and carry his babies… their babies.

Hinayon niya ng tingin ang sarili. The black bodycon revealed her generous curves. Her black stiletto heel boots made her sexier highlighting the generous swell of her behind which was like an open invitation for a hot arse-spanking. People say she maybe the sex goddess who decided to live among men. Sa tindig at korte ng kanyang katawan ay wala nang maipintas ang mga tao at kung isasama pa ang maganda niyang mukha ay tila napakaperpekto na niya.

"Good evening, the black orb, please," anang lalaking nagbabantay sa entrada ng club.

Napamaang siya. "What orb?" Walang nagsabi sa kanya na kailangan pang may ipresentang orb kung ano man iyon.

"The black orb," ulit nito, pormal ang mukha.

"What the hell is that? I don't have one." Pinapungay niya ang mga mata at matamis na nginitian ang lalaki. One look into her eyes and men would do anything for her. Nasisiguro niyang makakapasok siya ng club kahit walang 'orb.' All she needed was her pretty face.

"I'm sorry, Miss. No black orb, no entry," the man drawled. The lazy look on his face said that there were many others who attempted to enter the club without the orb and she wasn't the first one. At lahat ay hindi nagtagumpay.

Her hands itched to scratch the man's face with her beautifully manicured nails. Namula ang buong mukha niya sa inis at galit. "Papasukin mo ako! That's an order!" she demanded like the bratty princess that she was.

"I only take orders from my boss and you are not my boss, Miss. Kung maaari ay tumabi po muna kayo at may iba pang papasok."

Atarah clenched her fists firmly. Kung naiba-iba lang ang sitwasyon ay tinawagan na niya ang daddy niya. And this man would be fired pronto! But, she couldn't ask help from her father now. Wala itong alam sa kalokohan niyang iyon. Kapag nalaman nitong nasa *Obtuse* siya ay ipapakaladkad siya nito pauwi sa mga bodyguards nito.

She frowned and stood aside. Nakakrus ang mga kamay niya sa tapat ng dibdib at masama ang tingin sa lalaking hindi nagpapasok sa kanya. Ano na ang

mangyayari sa mga plano niya? What about Zen? Naniniwala siyang ngayon ang araw na itinakdang magkikita sila.

"What's her problem?"

Narinig ni Atarah na tanong ng matangkad na lalaki sa security slash bouncer ng *Obtuse*.

"No orb, Sir."

Tumango ito at tumingin sa kanya. The man was handsome. But he was nothing like Zen. Mukha itong mabait at palakaibigan. His good boy vibe was killing her. His hair was combed back neatly. His brows had a friendly shape. Matangos ang ilong nito. A high nose bridge, aristocratically thin, and a little bent at the tip. Mukhang malambot ang mga labi nito. As if those lips had never uttered a sinful word. Malinis ang mukha ng lalaki. Walang balbas o bigote. Stubbles would have made him look a little rough. *Yeah, mas bagay sa kanya iyon.*

But his body was a different story. Kung ang mukha nito ay mabait, iba naman ang katawan nito. Katawang nagiging dahilan ng pagkakasala ng maraming kababaehan. His gray shirt was even stretched across the chest. And my, his shoulders were broad and wide. He had an impressive height like a professional basketball player. Hindi na siya magugulat kung *NBA* player nga ito. Anyways, he looked foreign.

What's he doing in a place like this anyway? Hindi naman ito mukhang DOM o male dominant.

So, was he the submissive partner?

"Gusto mong pumasok sa club? Bakit?" bigla nitong tanong sa kanya.

"Why do you have to know?" nakatikwas ang kilay niyang tanong.

Tumawa ito. "Because I happen to have an extra orb. Pero mukhang hindi ka naman interesado." Akmang papasok na ito sa loob pero inagapan niya ito sa kamay.

"Hey! Hindi ka na mabiro." Her face softened.

Siya naman ang tinaasan nito ng kilay. His lips were pressed together into a thin line. "How old are you again?"

"Twenty. I'm legal, don't worry."

Napasipol ang lalaki. "Legal? You are just a baby, sweetheart. This place is not for you."

Nairita si Atarah. "Just give me the goddamn orb, okay?"

"Brat," he murmured, shoved his hand in his pocket and showed her the orb. "Here. Don't say I didn't warn you." Tuluyan na itong pumasok ng club.

Napangisi siya habang hawak ang itim na orb. Akala niya ay parang bolang kristal iyon pero hindi naman pala. It was just a metal card in a shape of an orb. Obsidian black with gold writing. Her access pass.

"Zen, here I come!"

# 2

An evil smile was etched on Atarah's face. Nakaupo siya sa bar stool, hawak ang wine glass, habang titig na titig kay Zen Montaner. In person, he looked even more unaccommodating. Parang hindi ito malapitan. He was just sitting in one corner, drinking alone. Kanina pa niya ito pinagmamasdan at hindi na niya mabilang kung ilang babae na ang tinanggihan nito. Zen was simply not interested. So, why was he in a place like this?

Muli siyang ngumiti. Kung siya ang lalapit dito, sisiguruhin niyang hindi ito tatanggi. No one could ever say no to Atarah Ada. Inubos niya ang natitirang laman ng hawak na wine glass at inayos ang damit. He pulled up her dress, making it an inch shorter, emphasizing her legs that seemed to flow forever.

She flipped her hair then walked confidently towards Zen. Napatitig sa kanya ang binata nang tumayo siya sa harapan nito. "Hi, Zen!"

Tumaas lang ang mga kilay nito pero hindi nagsalita.

She was a little disappointed. Hindi man lang ba ito nabighani sa ganda niya? Siya si Atarah Ada. She was born to make men drool and go crazy! He was supposed to feel ecstatic that she approached

him first!

"Can I sit here?" turo niya sa upuang katabi lang ng inookupa ni Zen.

"I want to be alone." Walang lambing sa tinig nito.

Nairita siya. Kahit anong pigil niya ay kusang tumikwas ang kanyang mga kilay. "And I said, I want to sit here." Bago pa ulit makapagsalita ang binata ay naupo na siya. The man was obviously surprised at what she did.

Puno ng paghahamon ang mga mata niya nang titigan niya sa mga mata si Zen.

"Excuse me," anito at kaswal na tumayo.

Inagapan niya ito sa braso. "Where are you going? Kakaupo ko lang, ah."

"I need to use the toilet," he said nonchalantly.

"Tatakasan mo ba ako?"

"I won't, Atarah. I know you. Kung tatakas ako, hahabulin mo pa rin ako."

Nagulat siya na kilala siya nito. A smile curved her lips ever so sweetly. Good. Kilala naman pala siya nito. Baka nga may gusto pa ito sa kanya. And maybe he was just playing hard to get. Everybody knew Zen Montaner. Napakailap nito. And everybody knew her, too. Lahat ng gusto niya, nakukuha niya. They would make a perfect couple.

Kampante siyang naupo sa couch. Someone in uniform offered a glass of wine. Waiter, she thought to herself. Tinanggap niya iyon. Iinumin na sana

niya nang makita niyang may kausap na babae si Zen malapit sa counter.

Mabilis ang pagbangon ng galit sa dibdib niya. Tatayo na sana siya nang may bumulong sa kanyang tainga. "Mix this in his drink and he will be yours."

Mabilis ang mga pangyayari. Someone put a pill on her palm and that someone disappeared into the crowd as if the person never appeared in front of her at all. Pero hindi na naalis sa isipan niya ang sinabi nito. Hindi siya tanga para hindi malaman kung ano iyong inabot ng kung sino sa kanya.

She was desperate. Inisang lagok niya ang inuming ipinatong kanina sa mesa at tinawag ang isang waiter. Nag-order siya ng inumin at doon niya hinalo ang pildoras. Pagkatapos ay itinuro niya si Zen na nakatalikod sa kanya.

"Give this to that man and make sure he drinks this. Ikaw ang mananagot sa akin kapag hindi niya inubos ito," pasulpada niyang sabi na may halong pagbabanta.

Gumalaw si Atarah. Napaungol siya. Masakit ang katawan niya. But it was the thing between her thighs that hurt the most. She was sore! Kahit na spoiled brat siya ay hindi naman siya pakawalang babae. She allowed her boyfriends before to kiss and touch her. Pero hindi sila umabot sa pakikipagtalik.

She looked as though she was active sexually but she was not. Akala ng mga tao por que palagi siyang

nasa mga parties ay kung kani-kanino na lang siya sumasama. She was always with a chaperone. Naghihintay ang bantay niya palagi sa kotse. Kagabi lang siya nakatakas dahil isusumbong siya ng chaperone sa daddy niya kapag nalaman nitong nagpunta siya sa isang BDSM club.

Biglang kumirot ang kanyang sentido. "Sh*t! Manang Dorin, I need my ginger tea!" sigaw niya, pikit pa rin ang mga mata.

Nang walang sumagot ay doon na siya nagmulat ng mga mata para lang masilayan ang hindi pamilyar na lugar sa kanya. Nang bumaba ang tingin niya sa sarili ay halos mapasigaw siya nang makitang wala siya ni isang saplot.

She was naked! May mga marka ng kagat at halik ang buo niyang katawan. Mostly on her tummy, chest, shoulders, and inner thighs!

"Oh, no, no no!" Noon niya lang din napansing nakaposas ang kaliwa niyang kamay sa headboard ng kama. "No!" she screamed, almost choking in panic. Ano ang nangyari kagabi? Kabadong tumitig siya sa kabuuan ng silid. Walang senyales na may iba pang tao roon maliban sa kanya. She was alone in bed. Wala ring tao sa banyo.

Mariin niyang ipinikit ang mga mata para alalahanin ang naganap nang nakaraang gabi. She remembered telling the waiter to serve the drink to Zen. Pagkatapos ay ininom niya ang sariling inumin at unti-unti nang lumabo ang paningin niya.

So, she was with Zen! May nangyari ba sa kanila?

But…

May isang mukhang nagsusumiksik sa isipan niya. It wasn't Zen's face. The face was handsome but it looked blank. In his eyes, she saw pure lust as he took her again and again. Napanganga siya nang parang nananadyang bumalik sa alaala niya ang mga eksena ng mga nangyari. Naalala niyang halos sirain na nila ang damit ng isa't isa.

Wala sa loob na napatingin siya sa damit na nakasampay sa backrest ng couch. Gosh, mukha iyong pinunit ng pusa. Her boots were scattered on the floor. Ang underwear niya ay nasa dulo ng kama. Ang bra niya ay nakasabit sa doorknob ng banyo.

Napaigtad pa siya nang tumunog ang kanyang cellphone. Nasa bedside lang iyon. Nakagat niya ang labi nang makita kung sino ang tumatawag.

It was her father.

Nararamdaman na niyang galit na galit ito.

She touched the green phone icon on the screen, then slid it to the right to answer the call. "Good morning, Daddy!" pinasigla niya ang boses, kahit kabado siya.

"Walang maganda sa umaga, Atarah Liberata Ada! Nasaan ka?" Mataas na agad ang tono ng boses ng ama niya.

"I'm…" Luminga siya sa paligid. Nasaan na nga ba siya? Nilingon niya ang headboard. Solid wood iyon at may nakaukit na letrang O sa gitna. *Obtuse*…

She was still inside the club. Nasa isa sa mga kuwarto ng *Obtuse*.

"Where are you, Atarah!" sigaw ng ama sa kabilang linya.

"Daddy, you're scaring me," hikbi niya. Hindi siya madalas pagtaasan ng boses ng ama at pinagtataasan lang siya nito ng boses kapag nakakagawa siya ng gulo. What did she do this time? Was it because she flirted with Zen Montaner? Nakarating na ba ang bagay na iyon sa daddy niya?

"Someone leaked a video file of you with a man doing more than just kissing in a BDSM club!" Dumagundong ang tinig ng ama niya habang sinasabi iyon.

Namutla siya. Nanginig ang kanyang mga kamay. "D-did you see my arse, Daddy?" nakuha pa niyang itanong sa kawalan ng masasabi.

"I did not! Hindi ko kayang panoorin ang kabuuan ng file na iyon!" Parang aatakehin sa puso ang ama niya sa lakas ng pagkakasigaw nito. Sa background ay dinig niya ang tinig ng ina na pinakakalma ang daddy niya.

"You come home now!"

"P-pero…" Nahihiya siyang sabihing hindi siya makaalis ng kama.

"What!"

"N-nakaposas ako, Daddy." Kinagat niya ang ibabang labi matapos sabihin iyon.

Dinig na dinig niya ang malutong na pagmumura

ng daddy niya. It was a good five-minute profanity. "I'll send your Yaya Dorin to collect you. Maghanda ka pagdating mo rito sa bahay! We have mobilized our connections and the files online have been taken down, pero isa pa rin itong iskandalo, Atarah, at hahanapan natin ng paraan para ayusin itong gulong ginawa mo!"

# 3

Habang nakaupo sa sofa sa loob ng engrandeng sala ng mansyon nila ay hindi mapakali si Atarah. Today, they were going to talk to the man who popped her cherry. Matigas ang anyo ng daddy niya. Ang mommy naman niya ay nakaalalay sa tabi ng asawa at hinahagod ang likod nito para kumalma kahit na kaunti.

His father was homicidal mad! Gusto nitong balatan nang buhay ang lalaking umangkin sa katawan niya.

*"You are still a baby and that man seduced you!"* were her father's words. Babasagin daw nito ang bungo ng lalaki kung hindi aayon sa kagustuhan nito.

She pushed one thumb over the other. Nati-tense siya. Hindi niya pa rin talaga alam kung ano ang eksaktong nangyari nang gabing iyon. Ang alam niya'y nahilo siya at ang mga sumunod na pangyayari ay hindi na niya maipaliwanag kung paanong pinahintulutan niyang mangyari.

She remembered the bite and love marks on her skin. The man must really be savage. Pinanggigilan naman nitong masyado ang balat niya. Dahil maputi siya ay malinaw na malinaw ang mga marka ng

pagnanasa nito sa kanya.

There were even a few bruises on her inner thighs—from a tight grasp. Madali siyang magpasa mula noon pa. Isang eksena ang bigla na lang sumingit sa balintataw niya. An image of a man holding either side of her inner thighs while his head was on her p*ssy, and the flat of his tongue moved up and down her wet labia.

"No, I couldn't believe he did that!" hiyaw niya, naitakip ang mga palad sa namulang mukha.

"What's the problem, baby?" tayo agad ng daddy niya, nag-iigting ang mga panga. "I couldn't believe he did that to you either. Sino ang hindi nakakakilala sa iyo? Ikaw ang princesita ko! Kilala ng buong mundo ang pamilya natin!"

Nanigas ang kanyang likod. Nasambit ba iyon ni Atarah nang malakas? "I'm… I'm… fine, Daddy."

"No, you are not. Ang reputasyon mo at reputasyon ng pamilya natin ang nakasalalay dito."

"A-ano ba talaga ang plano mo, Daddy?" mahina niyang usisa.

"Sir Tyrone, excuse me po, nandito na ang mga taong hinihintay n'yo," anang kasambahay nila.

Humawak siya sa braso ng ama. "Daddy, are you sure we got the right guy? Imposibleng makakuha po tayo ng CCTV mula sa *Obtuse.* Mahigpit ang security doon."

"I won't be one of the most powerful men in Asia for nothing. Pinagana ko ang koneksyon

natin, Atarah." Binalingan nito si Manang Salome. "Papasukin mo sila, Salome."

Nakaposturang babae na kahit may-edad na ay maganda pa rin, at matangkad na lalaking kasing-edad nito ang naunang pumasok. And when the last one entered the house, her heart stopped beating. Kilala niya ang lalaking ito! Ang lalaking nagbigay sa kanya ng black orb!

Mataimtim siyang nanalanging sana ay mali lang ang imaheng nagsusumiksik sa isipan niya. But no, the man was real and he was now sitting on a couch across from her.

Naniningkit ang mga mata nito sa kanya. His lips were thinning in obvious contempt. Akala niya ay hindi ito marunong magalit pero sa nakikita niya ngayon ay parang kakainin siya nito nang buo.

And in broad daylight, he looked more refine and attractive. Para itong doktor na ang linis tingnan. When her eyes fell on his body, she wanted to regret it. Dahil mas luminaw ang mga eksena ng gabing iyon. The way his body was pressed against her own.

He spooned her, he took her from behind, he rode her, he ate her p*ssy, and he thrust his c*ck inside her over and over again! His c*ck was inside her! Ito nga ang lalaking nakasalo niya sa init, walang duda. Pero hindi dapat ito ang nakauna sa kanya!

Ano ang nangyari?

Lalong namilog ang mga mata ni Atarah nang bumalik sa utak niya ang pagputok nito ng semilya

sa loob ng lagusan niya. This man came inside her and she was sure that she was fertile and ovulating! Mabubuntis talaga siya. Ano ba itong kagagahang ginawa niya?

"Mr. and Mrs. Idulverio, hindi na ako magpapaliguy-ligoy pa. Gusto kong pakasalan ng anak ninyong si Esmael ang unica hija namin!" Dumagundong ang boses ni Tyrone.

"Daddy!" Ito na nga ba ang ikinakatakot niya. "I don't want to get married yet!" alburuto niya.

"Tumahimik ka, Atarah! Ako ang magdedesisyon! Pinakialaman ka ng lalaking ito, despues panagutan niya!"

Mahinahon pa rin ang ekspresyon sa mukha ng mag-asawang bisita. Bumaling ang lalaki sa binatang anak. Tumango naman si Esmael bilang pahiwatig na handa itong magsalita.

"Your daughter drugged me, Mr. Ada. Hawak namin ang resulta ng blood tests."

Nag-init ang ulo niya sa narinig. Ang kapal ng mukha nitong sabihin iyon. Siya ang biktima rito. "I did not drug you! Baka ikaw pa nga ang may inilagay sa inumin ko!" sigaw niya.

"Nakausap ko na ang waiter na inutusan mo. Plinano mo ito kaya walang kasalang magaganap."

Bigla siyang nalito. Nagkamali ba ang waiter na inutusan niya? Si Zen ang itinuro niya at hindi ang lalaking ito! Someone did this to them! At kaya may video sila habang nagtatalik. Napahikbi siya.

Gulung-gulo ang isipan niya. Sino ang gustong sumira sa pangalan niya? Suddenly, she felt so afraid.

Ipinagkamali naman ng lahat na ang pananahimik at pag-iyak niya ay dahil sa tahasang pag-ayaw ni Esmael sa kasal.

"Atarah, I'm sorry, please understand that I cannot marry you," seryoso ang boses na wika ng binata.

Hindi na rumehistro sa utak niya ang nangyayari dahil nahulog na siya sa malalim na pag-iisip. Wala sa loob na napahawak siya sa tiyan. Wala pa siyang maayos na kain mula kagabi kaya bahagyang humapdi ang sikmura niya.

Akala naman ng mga ito ay nag-aalala siya na baka nagdadalangtao na siya.

"Kung… kung nabuntis kita, makakasiguro kang susuportahan ko ang bata at kami rin ang gagastos sa pagbubuntis at panganganak mo."

"Please, excuse me." Bigla siyang tumayo at tumalikod. She did not want to get married. Ni hindi niya kilala ang Esmael na ito. She did not want Esmael. Si Zen ang gusto niya.

"I think she's in love with you, hijo," ani Mrs. Idulverio. "You, refusing to marry her, broke her heart."

"I think so too, Mama. Pero hindi ko siya mahal."

Iyon na ang huli niyang narinig na pag-uusap ng mag-ina. Bago siya tuluyang makapasok sa loob ng kanyang silid ay naabutan siya ng kanyang ama

na sumunod pala sa kanya. Mahigpit siya nitong niyakap. “Don’t worry, my princesita, pakakasalan ka ng lalaking iyon. Ako ang bahala.”

# 4

Esmael felt unusually hot. May kung ano sa mga ugat niya ang nagpapainit sa kanyang katawan. Dumako ang tingin niya sa inuming inabot sa kanya ng waiter kanina. Someone dropped something in it. Sigurado siya. He wasn't born yesterday to not know about party drugs.

He was inside the well-known BDSM club, *Obtuse*. The death of her ex-girlfriend was caused by respiratory collapse after ingesting a large dose of prohibited drugs. Ang sabi ng mga taong kakilala nito ay huli nilang nakita ang babae sa labas ng *Obtuse* club. He was eighty percent sure that the woman got the illegal drugs inside the club. Kaya naroon siya para mag-imbestiga.

Hindi siya naniniwalang may sakit lang ang dati niyang nobya. Kung may sakit ito, dapat ay nalaman na niya.

Ngayon ay mag-iisang buwan na siyang pabalik-balik sa loob ng *Obtuse.* Hindi siya minsan man nagkama ng babae sa lugar na iyon kahit na may mga pribadong silid sa pangatlong palapag.

In some rooms you'd find restraints, bondage furniture, and toys for physical stimulation. Some rooms, on the other hand, had been especially

prepared for those who preferred vanilla sex.

Sinapo ni Esmael ang sentido. Nahihilo na siya. The drug in his system was amplifying his libido. Itinulak niya ang kausap na babae pagkatapos itong hawakan nang mariin sa braso. He did not want to get in trouble. At talagang mapapahamak siya kapag may naagrabyado siyang babae dahil sa sitwasyon niya ngayon.

Inangat niya ang kamay para hawiin ang kislap ng laser lights na tumatama sa mukha niya. He was sweating silly. Tila lumakas nang di-hamak ang tugtugin sa loob ng club kung saan nagkikiskisan ang mga nagpapawis na katawan.

"Sir, ayos lang po kayo?" lapit ng waiter sa kanya. Ito rin ang parehong waiter na nag-abot sa kanya ng inumin. Tinitigan niya ito nang masama. "What did you put in my drink?"

"Sir, samahan ko na po kayo sa kuwarto n'yo," anito na tila hindi narinig ang tanong niya.

"Answer me, damn it! What did you put in my drink?" giit niya habang inaasistihan siya ng waiter paakyat sa pangatlong palapag ng gusali. Binuksan nito ang isang kuwarto at pinahiga siya sa kama. Pagkatapos ay umalis na ito.

The room was dark.

And heat was choking him. Mabilis siyang naghubad ng damit. He growled as if in pain. Pinaalala niya sa sariling hindi siya puwedeng magtagal sa lugar na iyon. Dahil sobrang dilim

ay nangapa siya para lang mapaigtad nang may pigurang mahawakan ang kanyang mga kamay.

"Mainit," paanas na sambit ng boses-babae na nasundan ng mahinang ungol.

The voice was so soft and like a hot whisper, her soft moans and faint cries intensified the demon in him. The demon that had been awakened by the f*cking drug!

Hindi niya alam kung dahil sa kung ano sa sistema niya, pero natagpuan niya ang sariling nakadagan na sa babae. She was also naked, judging by the tips of her nipples and the wetness between her thighs. Dumampi ang mga iyon sa sarili niyang katawan.

And all that he could do was moan. Roughly, carelessly, he grabbed her back. Marahas na hinanap ng mga labi niya ang mga labi nito. He did not know the woman, but she kissed so good and it was enough to drive him insane.

Dala ng nag-uumapaw na pagnanasa niya ay kinagat niya ang katalik sa balikat habang idinidiin ang mga daliri sa magkabilang dibdib nito. He sucked her shoulders, her neck, and her chest. Bumaba ang ulo niya sa dibdib nito at pinaliguan din ng halik ang bahaging iyon. He loved the taste of the woman's skin on his tongue. Addicting.

He licked the skin around her nipples before pulling the tip into his mouth to suck it, while his hand slid on the dampness between her thighs. He

roughly pushed one finger into her p*ssy.

Napasinghap ang babae at dumaing ito. Daing na tila nasasaktan. Ang mga kamay nito ay dumiin sa dibdib niya.

*A virgin…* he thought.

In his right state of mind, he would have already stopped. Hindi naman sa takot siya sa mga birhen, pero hindi maganda ang sitwasyon nila ngayon. And he was not the type to take advantage of women. Tapat siya kung magmahal.

Kaso ay hindi niya kontrolado ang sarili niya ngayon. Imbes na tumigil ay lalo lang nag-igting ang kanyang pagnanasa. He moved down to the lower half of her body and ate her p*ssy. Napasigaw ito at mahabang napaungol. He ate her until she was trembling and arching her back in wild release.

Pinaghiwalay niya ang mga binti nito at walang ingat itong inangkin. Umigting ang mga panga niya nang maramdaman ang init nito. Damn, the woman was so tight. Ang mga ungol nito at daing ay lalong nagpapalakas sa makamundong pangangailangan niya sa katawan nito.

Her cries of pain were music to his ears. Alam niyang mali pero wala siyang lakas para sawayin ang sarili. He moved in and out of her, held her tightly, and moved in an increasing speed.

He felt her quiver again, and this time he came with her. And he came inside her. Bumagsak siya sa tabi nito. Biglang kumalat ang maputlang liwanag

sa kabuuan ng silid. Pero wala pang kakayahan ang isipan niyang iproseso ang mga nangyayari.

Tumingin siya sa babaeng katalik kanina na nasa tabi niya ngayon. Pamilyar sa kanya ang magandang mukha nito. But he didn't want to think anymore. He just wanted to feel her more. And he'll do just that… now. Muli niyang hinaplos ang tiyan ng babae. Umungol ito at nagkusa nang abutin ang mukha niya para sa isang mainit na halik…

Nagising si Esmael na nanlalapot sa pawis. Napanaginipan na naman niya ang gabing iyon. Ilang ulit niyang inangkin ang babae nang gabing iyon. He wanted to regret doing what he did but he couldn't, not when he felt really great that night. Ang pinagsisisihan niya lang ay hindi siya naging maingat sa babae dahil hindi niya nakontrol ang sarili niya.

Nauna siyang nagising kinaumagahan pagkatapos ng buong gabi nilang pagsasalo sa makamundong init. Mas malinaw na ang utak niya n'un at nakilala niya agad kung sino ang babaeng katabi niya sa kama—ang anak ng kilalang senador, ang brat na binigyan niya ng black orb.

Dapat pala hindi niya na lang ibinigay ang orb dito.

Hindi na niya ito hinintay na magising. Umuwi siya at ipinahanap ang waiter na nag-serve ng inumin sa kanya. He did not want to threaten the

man, kaya binayaran niya ito para lang magsabi ng totoo. Umamin nga itong si Atarah Ada ang nag-utos dito.

Nagalit si Esmael sa babae. Ang inisyal na plano sana niya ay tawagan ang babae para humingi ng dispensa at bumawi rito pero dahil sa natuklasan ay kinalimutan na niya ang plano niyang iyon. Bakit nito ginawa iyon sa kanya? Balak ba siya nitong pikutin? Was she deliberately waiting for him outside the club that night? Nagpanggap lang ba itong walang orb?

Naalala na naman niya ang mukha nito nang sabihin niya ritong hindi niya ito puwedeng pakasalan. She looked brokenhearted. Tulala ito at tila nahulog sa malalim na pag-iisip.

Napabuga si Esmael ng hangin. Sana ay mahal na lang niya ito para mas maging madali ang lahat lalo na at baka nga magka-baby na sila.

"Sorry, Atarah, pero ang pakakasalan ko lang ay ang babaeng mamahalin ng puso ko."

# 5

"Did you see your filthy c*nt being f*cked crazy, Atarah?"

Muntik nang mabitiwan ni Atarah ang cellphone nang marinig ang sinabi ng kung sino sa kabilang linya. Muli niyang tinitigan ang phone number sa screen.

Unregistered number.

Hindi niya kilala kung sino itong tumawag sa kanya sa alanganing oras. It was only three in the morning. Nag-init agad ang buong mukha niya. This b*tch was messing with the wrong person. Wala pang umaagrabyado kay Atarah Liberata Ada! His daddy would move heaven and hell just to protect her.

"Who do you think you are, you lowlife b*tch! Baka nakakalimutan mo kung sino ang kausap mo?"

"Oh! Hindi ako puwedeng magkamali, Atarah Ada. Kilalang-kilala kita mula ulo hanggang paa. The spoiled princess. And don't you dare shout at me, dahil baka mapikon ako at ikalat ko ang ibang video n'yo ni Esmael na hawak ko!"

Natigilan siya at kinabahan. "A-ano'ng ibig mong sabihin?"

"Your father may have removed the video I

uploaded online, but I still have copies here. Isa pa, hindi lang naman iyon nag-iisa. I got everything recorded. Wala kayong kapaguran sa isa't isa." Humalakhak ang babae sa kabilang linya. "For a first-timer, you sure are wild."

"Ano ba ang gusto mong mangyari?"

"Tantanan mo si Zen! Isang maling hakbang mo lang, ilalabas ko ang mga video n'yo ni Esmael kaya huwag na huwag mo akong gagalitin! I know your father is planning to run for Vice President next year. Ayaw mo naman sigurong mapurnada ang pangarap ng daddy mo dahil sa iskandalong kinasasangkutan mo, hindi ba?" Iyon lang at naputol na ang tawag.

Natulala siya sa kawalan. Tatakbong Bise Presidente ang daddy niya? Wala siyang alam sa plano nito. Oo, brat siya, but she couldn't afford to destroy her father's dream.

Wala sa loob na nahaplos niya ang tiyan. Paano kung magbunga ang nangyari sa kanila ng lalaking nakasama niya sa club? Paano ipaliliwanag ng daddy niya sa mga tao na nabuntis siya at walang kikilalaning ama ang magiging baby niya?

Gusto niyang tumili. Ano ang gagawin niya? She was never put in a complicated situation before. Her parents made sure that life was easy for her. Kapag bumabagsak siya sa exams niya noon ay kinakausap ng daddy niya ang head ng school.

But she couldn't ask help from her dad now.

What would she tell him? That there were more videos of her f*cking the man who didn't even want to marry her? Naisabunot niya ang mga kamay sa buhok.

Naalala niya ang sinabi ng tumawag. Tantanan daw niya si Zen? That psycho! Kung sino man ang babaeng iyon ay sisingilin niya nang mahal sa huli. For now, she had to make sure that her dad would win the election next year. Until then, hindi siya puwedeng gumawa ng eksena.

Mabigat ang katawan ni Atarah pagmulat na pagmulat pa lang niya nang umagang iyon. She glanced at the bedside clock and groaned. Mag-a-alas diez na. Kadalasan ay gising na siya ng alas ocho. Whatever happened to her? Masama ang pakiramdam niya.

Tatlong katok at pumasok sa loob ng silid niya ang kanyang Yaya Dorin. May dala itong tray ng pagkain. "Bangon na, señorita. Hindi ka pa nag-aalmusal, anong oras na o? Magagalit ang daddy at mommy mo."

"I'm not hungry, Yaya," ingos niya. "Just let me sleep."

"Naku, batang ito. Masama ba ang pakiramdam mo?" Sinalat nito ang leeg at noo niya.

"Yes, Yaya, I think I'm sick. I'm dizzy and I want to puke."

Tinitigan siya nang mabuti ni Dorin sa mukha.

Si Dorin ang sumundo sa kanya sa *Obtuse* kasama ang ilang bodyguards ng daddy niya, pero ang Yaya niya lang ang pumasok sa loob ng silid at nagpaiwan lang ang mga bodyguards sa labas. “Maupo ka nga muna, señorita.”

Sinapo niya ang ulo. “I can’t! Umiikot nga ang paningin—” Bago pa niya matapos ang litanya ay umalsa na ang sikmura niya. Tumalon siya pababa ng kama at tinakbo ang banyo. Doon, nagdududuwal siya. Akala pa naman niya ay hindi niya kakayaning maupo man lang.

“What’s wrong with me, Yaya?” Nag-iinit na agad ang sulok ng kanyang mga mata.

Huminga ito nang malalim at hinagod ang likod niya. Nanatiling tikom ang mga labi.

“’Ya? You have something you want to tell me, right? Please, sabihin mo na.”

“B-buntis ka siguro, señorita.”

Her jaw dropped. Oo, at naisip na niya ang posibilidad na baka magdalantao siya. Pero umaasa pa rin siyang hindi mangyayari iyon. But now…

Nanlamig ang mga palad niya at naluluhang humarap sa yaya niya. “No, I can’t be pregnant! I just turned twenty a few months ago!”

“Hindi pa naman tayo sigurado, señorita.”

“How can I be sure? What do I do, ’Ya?”

Bumuntong-hininga ito. “Sasamahan kita sa ospital. Ipagpapaalam kita kay Sir Tyrone.”

“No!” Hinawakan niya ang kamay ni Dorin nang

mahigpit. "We can't tell dad!"

"Pero malalaman din ng daddy mo kapag lumaki na ang tiyan mo kung buntis ka nga talaga."

"I will tell him when I'm ready." Suminghot siya at pinunasan ang luhang dumaloy sa kanyang pisngi. "'Ya! Promise me you won't tell Dad. Promise me or I'll tell Dad to fire you!" she shrieked, almost hysterical.

Tipid na ngumiti ang matanda. Hindi naman nito dinamdam ang sinabi niyang patatalsikin ito sa trabaho. Kilalang-kilala na siya nito. Ito na ang nag-alaga sa kanya bata pa lang siya kaya ang bukod-tanging hindi umalis kahit na minsan talaga ay masama ang ugali niya. They used to have five house helps, na ang trabaho ay ang alagaan at ibigay ang lahat ng gusto niya. Ang apat ay hindi permanente at pabagu-bago dahil hindi makatiis sa kanya.

"Sige na, hindi ko sasabihin sa daddy mo. Magbihis ka na. Sasabihin kong nagpapasama kang mag-shopping."

Nakahinga siya nang maluwag. "Thank you, Yaya!"

Nanlalamig ang mga kamay ni Atarah habang naghihintay sa resulta ng pregnancy serum test. Hindi na nakatiis, tumayo siya at lumapit sa nakaunipormeng babae. "Miss, I need the result of my serum test. Now," she demanded, holding her head high. Nakatikwas ang kilay niya.

Sumimangot ang babae. Paanong hindi? Panlimang beses na niyang pangungulit iyon. She just couldn't sit still at all!

"Señorita, maupo ka muna. Tatawagin na lang tayo kapag nandiyan na ang resulta ng test," ani Dorin.

"No, Yaya, naiinip na ako!" Muli niyang binalingan ang babaeng naka-uniporme. "I want the result now."

"Miss, hindi mo ba nakikitang may mga mas nauna pa sa iyo?" Itinuro nito ang mga taong nakaupo at naghihintay. "Kaya sana matuto ka ring maghintay."

Uminit ang ulo ni Atarah. "Importante akong tao! I should be treated like a VIP here! Kaya akina ang resulta ng test ko!"

Lumabas na ang supervisor ng babaeng nakauniporme at tinanong ito kung ano ang problema. Muli itong pumasok sa loob ng pinakasilid at paglabas ay dala na ang result ng test niya. She snatched the paper without care. Alam niyang nagiging bastos na siya pero kinakabahan kasi siya at naguguluhan sa kanyang sitwasyon. Was she really going to be a mother at twenty?

"Yaya, bigyan mo ng pera ang lahat ng taong nandidito ngayon, para walang may magsalita sa kanila tungkol sa akin," bulong niya kay Dorin.

Tumango naman ito. Alam na nito kung ano ang gagawin. Palagi na nitong ginagawa iyon.

Padabog siyang lumabas ng ospital at pumasok sa kotse niya. Siya ang nagmamaneho niyon dahil ayaw niyang malaman ng family driver nila kung saan siya pupunta.

Trembling, she unfolded the paper. Nabitiwan niya ang papel nang mabasa ang nakasulat doon.

Positive.